


Aralin 16

# "Magalak Kayo at Tumalon sa Tuwa" *Lucas 6:20-23*

**LAYUNIN:** *Pagkatapos ng araling ito…*

- *Makikita ninyo kung sa anong konteksto iniuutos ni Jesus na magalak tayo at anong dahilan bakit dapat tayong magalak.*
- *Pahahalagahan ninyo kung gaano kalaki at kainam ang nasa atin na ngayon at mapapasaatin pa sa hinaharap.*
- *Magkakaroon kayo ng bagong pagtingin sa mga pagsubok at paghihirap na dinaranas ninyo dahil sa pagiging tagasunod ni Cristo.*

## Panimula

1. Ano ang mararamdaman mo kapag may isang bagay o tao na mahalaga sa iyo na nawala sa iyo? O kaya naman ay isang bagay o tao na sa tingin mo ay kailangan mo ngunit hindi mapasaiyo? Magbigay ng halimbawa sa iyong personal na karanasan.

***Tulay sa Pag-aaral:*** Malungkot, nakakaiyak, o masakit ang mawalan ng isang bagay o isang taong mahalaga sa atin. Masakit ding isiping ang isang bagay o isang taong sa tingin mo ay kailangan mo ngunit hindi naman napapasaiyo. Bilang mga taga-sunod ni Cristo, may mga bagay na mahalaga sa atin at sa tingin natin ay kailangan natin ang mawawala sa atin, hindi natin makukuha, at iiwanan natin alang-alang sa pagsunod kay Cristo. [Basahin ang Lucas 14:27, 33.] May mga panahong magdudulot ito ng matinding sakit o lungkot sa atin. Sa kabila noon, nais ng Panginoong Jesus na magkaroon tayo ng ibang pananaw o perspektibo kapag dumating ang ganoong panahon. [Basahin ang Lucas 6:20-23.]

## Pagsasaliksik

2. Sinu-sino ang kinakausap dito ng Panginoong Jesus? Ano sa tingin mo ang kahalagahan nito sa pag-aaral natin?

3. Anu-anong karanasan o kalagayan ng isang tagasunod ni Jesus ang sinabihan niyang "mapalad kayo…"? Bakit sa tingin mo ang hirap maunawaan ng sinasabi ni Jesus? Ano ang impluwensiya sa atin ng sanlibutan (halimbawa ay media) ang maaaring makahadlang sa ating pagtanggap sa sinasabi ni Jesus?

4. Ano ang iniuutos niya sa verse 23? Anong klaseng kagalakan ito? Ang kagalakan bang ito ay *pagkatapos* ng paghihirap o sakit o *habang* dumaranas ng mga ito? Patunayan ang sagot.

5. Sa buong talata, tingnan ang mga dahilan kung bakit tayo mapalad at dapat na magalak at tumalon sa tuwa. Anu-ano sa mga ito ang nasa atin na ngayon at ibinigay na ng Diyos sa atin? Anu-ano ang mga inaasahan pa nating ibibigay o gagawin ng Diyos para sa atin?

6. Isang malaking dahilan ng ating kagalakan ay dahil nasa atin na ang kaharian ng Diyos (verse 20). Gaano ito kahalaga kung ikukumpara sa kayamanan o kagalakang matatagpuan sa mundo? Tingnan ang Mateo 13:44.

7. Ano sa tingin mo ang tinutukoy na "malaking gantimpala sa langit" (v. 23)? Ano sa tingin mo ang mas biblikal: (1) Ang malaking gantimpala at kagalakan natin ay ang mga bagay na ibibigay ng Diyos; o (2) Ang malaking gantimpala at kagalakan natin ay ang Diyos mismo (ibinigay niya ang kanyang sarili para sa atin)? Tingnan ang Juan 16:22; Awit 37:4; at Filipos 4:4.

8. Ano sa tingin mo ang magiging epekto sa iyo kung (1) o (2) ang pinaniniwalaan mo sa No. 7? Alin ang mas magbibigay ng higit na karangalan sa Diyos? Bakit?

## Pagsasabuhay

9. Anong bahagi ng buhay mo bilang tagasunod ng Panginoong Jesus ang nahihirapan kang magalak sa Panginoon? Ayon sa pag-aaral na ito, anu-ano ang dapat mong isipin at alalahanin upang magkaroon ka ng kagalakan sa bahaging iyon ng buhay mo?

**Assignment**

- Isaulo ang Lucas 6:22-23.